

18 ng Disyembre

2017-12-18

Leksyonaryo Bilang 194

MAAARING AWIT SA PAGTITIPON

Pagmamahal sa Panginoón | E. Hontiveros SJ  
Panginoón ay Darating, Ang

PANGINOÓN, KAAWAÁN MO KAMÍ.

LITÚRHIYA NG SALITÁ

UNANG PAGBASA..... Jeremias 23:5-8

Pagpapahayag mula sa Aklat ni Propeta Jeremias

“Nalalapit na ang araw,” sabi ng Panginoón,  
“na pasisibulin ko mula sa lahi ni David ang isang sangang matuwid,  
isang hari na buong karununganang maghahari.  
Paiiralin niyá sa buong lupain ang batas at katarungan.  
Magiging matiwasay ang Juda sa panahon ng kaniyang pamamahala,  
at ang Israel ay mapayapang mamumuhay.  
Ito ang pangalang itatawag sa kaniyá:  
‘Ang Panginoón ay Matuwid.’”

Sinasabi ng Panginoón,  
“Darating nga ang panahon na ang mga tao’y di na manunumpa nang ganito:  
‘Nariya’t buhay ang Panginoóng nagpalaya sa Israel mula sa Egipto.’  
Sa halip, sasabihin nila,  
‘Saksi ko ang Panginoón na nagpalaya sa mga Israelita  
mula sa lupain sa hilaga at sa lahát ng lupaing pinagtapunan ko sa kanila.  
Babalik silá sa sariling lupa at doon muling mamumuhay.’”

TUGÓN SA SALMO

cf. Salmo 72:7

Vic Romero

E A

Ma-bu - bu - hay s'yang ma - ra - ngal at sa - sa -

4

B E

ga - na kai - lan - man!

Ang salin sa Tagalog ng Tugón sa Salmo mulá sa *Ang Pagpapahayág ng Salitâ ng Diyos*  
 © 2006 Panayám ng mga Katólikong Obispo sa Pilipinas,  
 Lupon Rehiyonál ukol sa Tagalog sa Litúrhíyá.  
 Tugtugin © 2010-2016 Vic Eclar Romero. magsimba.com. All rights reserved.

**SALMO: Awit 072:1-2, 12-13, 18-19**

Turuan mo yaong haring humatol ng katuwiran,  
 sa taglay mong katarungan, O Diyós, siyá'y bahaginan;  
 upang siyá'y maging tapat mamahala sa'yong bayan,  
 at pati sa mahihirap maging tapat siyáng tunay.

Kaniyá namang ililigtas ang sinumang tumatawag,  
 lalo yaong nalimot nang mga taong mahihirap;  
 sa ganitong mga tao siyá'y lubhang nahahabag;  
 sa kanila tumutulong, upang silá ay maligtas.

Ang Poong Diyós ng Israel, purihin ng taong madla;  
 ang kahanga-hangang bagay tanging siyá ang may gawa.  
 Ang dakilang ngalan niyá ay purihin kailanman,  
 at siyá ay dakilain nitong buong sanlibutan! Amen! Amen!

**MABUTING BALITÁ**..... Mabuting Balita ayon kay San Mateo 1:18-25

Ang Mabuting Balita ng Panginoón ayon kay San Mateo

Ganito ang pagkapanganak kay Hesukristo.

Si Maria na kaniyáng ina at si Jose ay nakatakda nang pakasal.  
 Ngunit bago silá nakasal,  
 si Maria'y natagpuang nagdadalang-tao.  
 Ito'y sa pamamagitan ng Espiritu Santo.

Isang taong matuwid itong si Jose  
 na kaniyáng magiging asawa,  
 ngunit ayaw niyáng mapahiya si Maria,  
 kaya ipinasiyá niyáng hiwalayan ito nang lihim.

Samantalang iniisip ni Jose ito,  
 napakita sa kaniyá sa panaginip ang isang anghel ng Panginoón.  
 Sabi nito sa kaniyá,  
 "Jose, anak ni David,  
 huwag kang matakót na tuluyang pakasalan si Maria,  
 sapagkat siyá'y naglihi sa pamamagitan ng Espiritu Santo.  
 Manganganak siyá ng isang lalaki  
 at ito'y pangangalanan mong Hesús,  
 sapagkat siyá ang magliligtas sa kaniyáng bayan sa kanilang mga kasalanan."

Nangyari ang lahat ng ito

upang matupad ang sinabi ng Panginoón sa pamamagitan ng propeta:  
 “Maglililihi ang isang dalaga at manganganak ng isang lalaki,  
 at tatawagin itong Emmanuel,”  
 ang kahuluga’y “Kasama natin ang Diyós.”  
 Nang magising si Jose,  
 sinunod niyá ang utos ng anghel ng Panginoón;  
 pinakasalan niyá si Maria.

Ngunit hindi ginalaw ni Jose si Maria  
 hanggang sa maipanganak nito ang isang sanggol na lalaki  
 na pinanganlan nga niyáng Hesús.

### PAMBUNGAD SA MABUTING BALITÀ

O namumuno ng Israel, nagbigay-utos sa amin, halina't kami'y sagipin.

**O Namumunò**  
DISYEMBRE 18

VIC ROMERO

Andante (♩ = c. 88)

C      G/B      Am      D      C      G

Al-le-lu-ia, Al-le-lu-ia, Al-le-lu-ia!

2      Em      Am      D      Em      G      Am

O Na-mu-mu-no nang Is-ra-el, nag-bi-gay u-tos sa

3      Em      Am      Em      Am      Em

a-min, ha-li-na't ka-mi ay sa-gi-pin.

Tugtugin © 2013-2014 Vic Eclar Romero. All rights reserved. [www.magsimba.com](http://www.magsimba.com)

HOMILYA

PAGPAPAHAYÁG NG PANANÁMPALATAYÀ

**PANALANGIN NG BAYAN**

- . . a. Para sa Simbahan, ang Bayan ng Diyós
- . . b. Para sa mga Kinaúukulan
- . . c. Para sa Nangángailangan, Naghihirap, Maysakit at Yumao
- . . d. Para sa mga Dumaló sa Misa Dito at Ngayón

**LITÚRHIYÁ NG EUKARISTIYA****MAAARING AWIT SA PAG-AALAY**

Halina, O Emanuel

Halina, Hesús, Aming Mananakóp | Danny Isidro SJ at Nemy Que SJ

**SANTO, SANTO, SANTO****PAGBUBUNYÍNG PANG-ALAALA****DAKILANG AMEN****PANALANGIN NG PANGINOÓN****KORDERO NG DIYÓS****MAAARING AWIT SA PAKIKINABANG**

Sa Amang Mahal Sumilang (Of the Father's Love Begotten)

Halina, D'yos Mesias (O Come, Divine Messiah)

**MAAARING AWIT SA PAGHAYÒ**

Halina, Hesús, Aming Mananakóp | Danny Isidro SJ at Nemy Que SJ

Sa mga sulat-tugtugin, ang « ng » ay isinusulat na « nang » at ang « mga » ay « manga ».

Palitán ang « Yahweh » ng « Poón »; ang « si Yahweh » ng « ang Poón ».

r

Nagpapasalamat sa mga mungkahing awitin  
sa Lupon ukol sa Litúrhiya sa Tagalog.

18 ng Disyembre | 2017-12-18 | Leksyonaryo 194 | Gulóng 2

Halaw ang mga Pagbasa sa Magandáng Balitâ Biblia © 1980 Philippine Bible Society.

[www.bible.org.ph](http://www.bible.org.ph)

Litúrhiya. Filipino. [www.magsimba.com](http://www.magsimba.com)

## Halina, D'yos Mesias



1. Ha-li - na, D'yos Me - si - as, Bu-ong mun-do'y hi - ni - hin-tay ka, Mag-  
 2. Sa-bik sa 'yo ang ba-yan mu-la pa n'ong ma-nga pro-pe-ta, Big-  
 3. Da-la'y ka - pa - ya-pa-an, Ang-pag - ka - ta - o'y si - nu-ot-mo u -



wa - wa-gi'y pag - a - sa, Ma-pa - pa - wi ang lum - bay.  
 yan ka - mi nang la - ya, sa sa - la ay tu - bu - sin.  
 pang ang pag - ka - D'yos mo Ay a - ming ma - si - la - yan.




Po - ong ma - hal, la - pit ka na, Ka - di - li -



ma'y pa - wi - in na, I - yong muk - ha'y 'pa - ki - ta na. Ha -



li - na, D'yos Me - si - as, Bu-ong mun-do'y hi - ni - hin-tay-ka, Mag -




wa - wa-gi'y pag - a - sa, Ma-pa - pa - wi ang lum - bay.

## Halina, Emanuél

Em Am D Em G


Andante (♩ = c. 88)



1. Ha - li - na, O E - ma - - - nu - él, At tu - bu -  
 2. Ha - li - na, O Ka - ru - - - nu - ngan, Ta - ga - pág -  
 3. Ha - li - na, O A - do - - - na - i, Na sa bun -  
 4. Ha - li - na, Tung - kód ni \_\_\_\_\_ Jes - se, Sa ka - a -  
 5. Ha - li - na, Su - si ni \_\_\_\_\_ Da - víd, Sa la - ngit

Am Bm Em Am C


3



sín ang Is - - - ra - él, \_\_\_\_\_ Na - lu - lung - kót sa pag - ka -  
 a - yos nang \_\_\_\_\_ ta - nán, \_\_\_\_\_ Nang ta - ma ka - mí'y tu - ka -  
 dók nang Si - - - na - i, \_\_\_\_\_ Ba - ya'y bi - nig - yán nang \_\_\_\_\_  
 way i - lig - - - tás mo \_\_\_\_\_ Ka - míng sa 'yó na - na \_\_\_\_\_  
 ta - ha - na'y \_\_\_\_\_ buk - sán, \_\_\_\_\_ La - ndás pa - ak - yát ti - - -

D G Am D G


5



ta - pon, \_\_\_\_\_ Hi - ni - hin - táy A - nák \_\_\_\_\_ nang D'yós.  
 ru - an, \_\_\_\_\_ La - ging ang lo - ób mo'y \_\_\_\_\_ sun - dín.  
 ba - tás, \_\_\_\_\_ Li - gid nang 'yóng ka - ma - - - ha - lan.  
 na - lig, \_\_\_\_\_ Ta - gum - páy i - pag - ka - - - lo - ób.  
 ya - kin, \_\_\_\_\_ Lan - dás pa - ba - bá'y i - - - pi - nid.

D/F# G Am D Em huwag huminto rito


7



Mag - di - - - wang na, \_\_\_\_\_ E - ma - - - nu - el \_\_\_\_\_ ay  
 pagdugtungin

G Am Bm Em

9



da - ra - ting, O Is - - - - ra - el!

Titik: Veni, veni, Emmanuel, Latin ika-9 na dantaón.

Titik Tagalog karapating-sipi © 2007-2017 Victor Eclar Romero. www.magsimba.com.

Maaaring kopyahin kung pansariling gamit. Kailangan ang pahintulot sa ibang gamit.

## Sa Amáng Mahál Sumilang



1. Sa A-mang ma-hal su-mi - lang ba-go pa nag-ka-pa-na-hon,
2. Pi - nag-pa-lang, O pag-si - lang, sa da-la-ga nang gras - ya,
3. Pa - ngi - ta - in nang ma-nga pan-tas, sa a-wit i - ni - la - ra-wan
4. Siya'y si - na - sam - ba sa la - ngit, nang ma-nga huk-bo nang ang-hel,
5. Sa 'yo, Kris - to at sa D'yos A-ma't, sa Ba-nal na Es - pi - ri - tu,



S'ya ang Al - pha at O - me - ga, Si - mu - la at ka - ta - pu - san  
 Li - hi sa Es - pi - ri - tung ba - nal, Ta - ga - pag - lig - tas ang da - lang  
 nang ma - nga pro - pe - ta hi - na - yag, pi - na - nga - kong da - ra - ting.  
 lu - hod at yu - ko sa ha - rap n'ya, a - wit ka - da - ki - la - an n'ya.  
 a - wit nang pag - pa - sa - la - mat, si - gaw nang ma - nga pa - ra - ngal,



nang la - hat nga - yon at no - on, ma - ging sa hi - na - ha - rap,  
 Sang - gol a - ting Ma - nu - nu - bos, na - si - la - yan nang u - na,  
 Ang hi - nin - tay su - mi - kat - na, Pa - ngi - no - o'y pu - ri - hin  
 sa daig - dig wa - lang ta - hi - mik, nag - pu - pu - ri ang la - hat  
 ga - nap ang i - yong ta - gum - pay, mag - a - nak lig - tas la - hat



mag - pa - sa - wa - lang hang - gan.  
 mag - pa - sa - wa - lang hang - gan.  
 mag - pa - sa - wa - lang - hang - gan.  
 mag - pa - sa - wa - lang - hang - gan.  
 mag - pa - sa - wa - lang - hang - gan.

A - men.